Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-15 NG MARSO, 2004, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:55 NG UMAGA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............ | PANG.PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............ | Kagawad – ABC |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............ | Kagawad – SK |

*KAPASIYAHAN BLG. 077-T'04*

*KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG LAGUNA MULTI-PURPOSE COOPERATIVE BILANG ISANG SAMAHAN, AYON SA PAGSUNOD SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 5-T'92.*

*SAPAGKA'T,* ayon sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92, lahat ng mga samahang sibiko o samahang *di-konektado sa pamahalaan (NGO's)* ay *kinakailangang i-accredit* o *kilalanin* ng *pamahalaang bayan;*

*SAPAGKA'T,* may kahilingan ang Laguna Multi-purpose Cooperative na kilalanin ito bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa nasabing kautusan;

*SAPAGKA'T,* matapos na masuri at makita ang pagtugon ng nasabing samahan sa mga *kailangan o "requirements para sa pagkilala ng isang samahan ay iminungkahi ng Tagapamuno* ng Lupon sa Batas ng Sangguniang Bayan na irekomenda ang pagkilala sa nabanggit na samahan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Purita P. Sarmiento at sa buong *pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay*

*PINAGPASIYAHAN:* Na kilalanin ang Laguna Multi-Purpose Cooperative bilang isang samahan, ayon sa pagsunod sa Kautusang Bayan Blg. 5-T92.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Laguna Multi-purpose Cooperative at Pambayang Manananggol, *lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

*PINAGTIBAY:*

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
*Punong Bayan*